




Mga Kababaihan at Mga Gamot sa Pananakit

Naiiba ang pananakit na nararanasan ng mga kababaihan kaysa sa mga lalaki

- Mas maraming pananakit ang naiuulat ng mga kababaihan kaysa sa mga lalaki.
- Ang ilang mga uri ng pangmatagalang (chronic) na, tulad ng migraine at pananakit sa likod, ay mas karaniwan sa mga kababaihan.
- Ang mga kababaihan ay maaaring mas mabilis na dumipende sa mga gamot na inireseta para sa pananakit kaysa sa mga kalalakihan.
- Ang mga kababaihan ay mas malamang na maresetahan ng mga gamot na inireseta sa pananakit, mabibigyan ng mas mataas na dosis, at gamitin ang mga ito nang mas matagal kaysa sa mga kalalakihan.



Ang mga gamot sa pananakit ay maaaring epektibo sa pagbawas ng pananakit kapag ginamit ayon sa patnubay. Gayunpaman, ang mga gamot na ito ay maaaring maging sanhi ng malubhang pinsala o pagkamatay kapag mali ang paggamit o inabuso. Maaari rin silang maging nakakalulong.

Mahalagang kausapin ang iyong tagabigay ng pangangalaga ng kalusugan tungkol sa kung paano ang ligtas na paggamit ang mga gamot sa pananakit. Gayundin, tanungin ang iyong tagabigay ng pangangalaga ng kalusugan tungkol sa iba pang mga pagpipilian upang gamutin ang pananakit.

Gamitin ang fact sheet na ito upang matulungan kang makipag-usap sa iyong tagabigay ng pangangalaga ng kalusugan tungkol sa kung paano ang ligtas na paggamit ng mga gamot sa pananakit.

Mga Uri ng Gamot sa Pananakit

Over-the-Counter (OTC) na mga Gamot

Ang mga OTC na gamot sa pananakit ay maraming mga karaniwang produkto para sa pananakit ng ulo, sipon, at menstrual (period) cramps. Ang mga karaniwang uri ng mga OTC na gamot sa pananakit ay ang acetaminophen at NSAIDs (Nonsteroidal Anti-Inflammatory Drugs), tulad ng aspirin at low-dose na ibuprofen.

Mga Iniresetang Gamot

- **Mga Gamot na Non-opioid** – Mga gamot na panggamot sa pananakit. Ang mga uri ng mga gamot na non-opioid ay kasama ang diclofenac at ibuprofen. Habang ang ibuprofen ay magagamit din nang over-the-counter, maaaring bigyan ka ng iyong tagabigay ng pangangalaga ng kalusugan ng mas mataas na dosis.
- **Opioids** – Ang mga gamot na maaaring epektibo para sa pagbabawas ng katamtaman hanggang sa matinding pananakit, tulad ng pagkatapos ng isang operasyon. Kasama sa mga karaniwang opioid ang oxycodone, hydrocodone, fentanyl, at morphine.

Mga Kababaihan at Gamot sa Sakit

Ang mga gamot sa pananakit ay maaaring maging sanhi ng malubhang pinsala o pagkamatay kapag ang mga ito ay hindi ginamit ng tama o inabuso. Gawin ang mga hakbang upang protektahan ang iyong sarili at ang iyong mga mahal sa buhay.



Kausapin ang iyong Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan tungkol sa Iyong Pananakit



Magtanong Bago Uminom ng Opioids



Sundin ang mga Direksyon para sa Iyong Gamot sa Pananakit

- **Tanungin ang iyong tagabigay ng pangangalaga ng kalusugan kung dapat kang uminom ng mga opioid o gumamit ng ibang pagpipilian upang mabisang pangasiwaan ang iyong pananakit.** Ang opioid ay hindi tama para sa lahat o sa bawat uri ng pananakit.
- **Subaybayan ang iyong pananakit.** Itala kung nararamdaman mo ang pananakit, kung ano ang pakiramdam, at kung saan mapananakit ang iyong katawan. Ibahagi ang mga tala na ito sa iyong tagabigay ng pangangalaga ng kalusugan.
- **Huwag magbahagi ng mga iniresetang gamot sa pananakit.** Panatilihin naka-lock ang mga gamot sa pananakit at malayo sa mga bata at iba pa.
- **Huwag uminom ng mga gamot sa pananakit nang mas matagal kaysa sa dapat mong gawin.** Alamin ang mga katotohanan tungkol sa iyong gamot. Alamin kung gaano katagal mo dapat itong inumin. Kung umiinom ka ng iba pang mga gamot, tanungin ang iyong tagabigay ng pangangalaga ng kalusugan kung ang mga gamot sa pananakit ay ligtas na inumin nang sabay.
- **Huwag uminom ng alak o gumamit ng mga gamot tulad ng antihistamines at benzodiazepine kapag umiinom ka ng ilang mga gamot sa pananakit.** Ang pagsasama ng alkohol at iba't ibang uri ng mga gamot sa pananakit o iba pang mga gamot ay maaaring magdulot sa iyo ng paghinto ng paghinga.
- **Sabihin sa iyong tagabigay ng pangangalaga ng kalusugan kung ikaw ay nalulong sa mga gamot, iba pang mga gamot, o alkohol.**
- **Alisin ang mga hindi nagamit na mga iniresetang gamot sa pananakit.** Suriin ang website ng FDA o tanungin ang iyong tagabigay ng pangangalaga ng kalusugan tungkol sa pinakamahusay na paraan ng pag-alis ng mga hindi nagamit na gamot.
- **Tawagan ang 1-800-662-HELP (4357) o bisitahin ang <https://findtreatment.samhsa.gov/>** kung ikaw o ang isang mahal sa buhay ay nangangailangan ng tulong sa paghahanap ng paggamot para sa pagkalulong sa mga gamot sa pananakit

Ang fact sheet na ito ay binuo ng FDA Office of Women's Health.
Upang makakuha ng iba pang mapagkukunan para sa kalusugan ng kababihan, pumunta sa:

www.fda.gov/womens